Light Reading, Seattle City Light pahayagan ng kustomer

Mula sa superintendente

Ang bawat kapanahunan ay may kanya-kanyang hamon. Sa panahon ng taglagas at taglamig, ang panahong mahangin ay maaaring magpabagsak ng mga kawad ng koryente. Sa panahon ng tag-araw, ang init ang siyang nagpapahirap ng aming *equipment*, lalo na ang *vault system* sa ilalim ng lupa. Ang mga kawad ng koryenteng pang-ilalim ng lupa ay dinisenyo upang makayanan ang pagpasok ng tubig na maaaring makapuno ng mga vault, ngunit habang ang umiinit ang hangin, ang tubig ay bumababa at maaaring magpaparupok ng mga kawad ng koryente. Bagaman regular naming sinusuri at kinukumpuni ang mga kawad, paminsan ay nababasa ng tubig ang isang nisnis na kable at ito ay nagiging sanhi ng pagkawala ng koryente.

Hinihikayat namin kayong magtipid sa enerhiya sa panahon ng tag-init upang makatulong na mabawasan ang *stress* sa ating sistema, at makatipid ng pera sa inyong bayarin. Naririto ang ilang mga ideya upang makatipid ang enerhiya:

- Bawasan ang paggamit ng mga kasangkapang nagbibigay ng init, tulad ng pugon at pangpatuyo ng mga damit, lalo sa tanghali.

- Maghanda ng mga pagkaing hindi kinakailangang lutuin, tulad ng mga *salad* at *sandwich*, o saka na magluto sa gabi.

- Gumamit ng bentilador na pangkisame, na karaniwang gumagamit ng 98 porsiyentong mas kaunting koryente kaysa sa mga pangkalahatang air-conditioner.

- Panatilihing sarado ang mga bintana kapag araw, at takpan ng mga blinds o kurtina.
- Mag-insula ng inyong tahanan upang panatilihin itong malamig sa tag-init, mas mainit sa taglamig.

Basahin ang tungkol sa iba pang mga paraan upang makatipid ng enerhiya at pera sa aming website: www.seattle.gov/light/.

Gantimpala sa pag-recycle

Simula nang inumpisahan namin ang aming programang pagrecycle ng refrigerator/freezer ilang taon na ang nakalipas, higit sa 9,500 na mas nakalulumang appliances na aksaya sa enerhiya ang nai-recycle at tinanggal sa parilya ng aming teritoryong panserbisyo. Upang mai-skedyul ang pagkuha nito, siguraduhing tingnan ang *refrigerator-recycling flyer* na nakalakip sa pangHulyo-Agosto na bayarin ng koryente.

Refund & diskuwento

Ang City Light ay nag-aalok ng refund mula $50 hanggang $1200 sa mga appliances na gumagamit ng mas kaunting enerhiya. Ang palingkurang bayan ay mayroon ding mga

kagyat na diskuwento sa mga mahuhusay na bombilya ng ilaw at showerheads sa mga kalahok na tindahan. Tingnan ang listahan ng mga kwalipikadong produkto, tindahan, at mga halaga ng diskuwento sa www.seattle.gov/light/conserve, o tumawag sa City Light Energy Advisor sa 206.684.3800.

Ductless na heat pump

Ang pag-iinit ang maaaring siyang pinakamalaking gastos sa koryente sa inyong tahanan. Ang pagpapalit ng inyong pandingding na de-koryenteng heat pump o baseboard sa isang walang-tubong heat pump ay maaaring magpapababa ng gastos sa pag-iinit mula 25 hanggang 50 porsiyento, at magbibigay ng lamig sa tag-init. Ang mga kustomer na makatutugon sa kinakailangan para maging kwalikpikado ay maaaring makakuha ng isang $1,200 diskuwento. Alamin ang higit pa sa www.seattle.gov/ductless o tumawag sa 206.684.3800.

Enerhiyang mula sa araw

Halos 500 kustomer ng City Light ang nagkabit na ng pansariling sistema sa solar na enerhiya. Ang mga solar panel ay gumagawa ng malinis, nababagong enerhiya, maaaring magpababa ng bayarin sa elektrisidad, at magbibigay ng insentibo sa buwis. Kunin ang mga detalye hinggil sa solar sa www.seattle.gov/light/solar

Ulat ng palingkurang bayan sa 2011

Basahin ang tungkol sa mga mga naisasagawa ng palingkurang bayan at mga hamon nito noong 2011 sa bagong nailathalang taunang ulat ng City Light, na ngayon ay online: http://www.seattle.gov/light/.

Nagtatrabaho ang City Light

Ang mga tauhan ng City Light ay nasa mga purok na ito, nagtatrabaho upang patuloy ang pagsindi ang inyong mga ilaw:

- SODO: naglilipat ng mga linya ng koryente upang madagdagan ang kapasidad;, sinserbisyuhan ang makinang pambutas ng lagusan;
- Windermere: nag-iineksiyon ng silicone sa mga nakabaung kable upang pahabain ang buhay ng mga ito;
- Harrison St./Aurora Ave, (silangan ng Seattle Center): nagtatalaga ng mga vault para lilipatan ng mga linya ng kuryente;
- Mercer St.: Naglilipat ng mga linya sa ilalim ng lupa, bahagi ng pakukumpuni ng Mercer;
- Laurelhurst (hilaga ng Webster Point): nagpapalit ng kableng pang-ilalim ng lupa upang madagdagan ang kapasidad;
- Occidental Ave. S.: Naglilipat ng mga linya bago ang pagpapalit ng viaduct;
- Arboretum, West/South Seattle (timog ng Brandon St.): Pinapalitan ng LED ang mga ilaw ng kalye;
- First Hill: nagdadagdag ng mga poste upang tumaas ang kapasidad;
- South Beacon Hill: pinapalitan ang mga istrakturang kahoy ng poste, nagdaragdag ng mga linyang pandistribusyon upang maragdagan ang kahusayan at kapasidad.

Bisitahin ang www.seattle.gov/light/construction at i-klik ang construction sign para sa mga detalye.

Libutin ang American Alps

Ngayong tag-init, bisitahin ang North Cascades para sa paglalakad, paglilibot, at iba pang abentura. Bisitahin ang www.skagittours.com at magpareserba.

Magbayad online

Bayaran ang iyong mga utility bill online gamit ang credit/debit kard, o magbayad sa pamamagitan ng tseke. Upang higit pang matuto tungkol sa "e-billing," pumunta sa www.seattle.gov/light/ at i-klik ang "Pay Your Bill Online."

Pagnanakaw ng koryente

Ang pakikialam sa metro upang magnakaw ng koryente ay mapanganib sa komunidad at nagiging sanhi ng gastos para sa lahat. Panoorin ang maikling online video na ito upang makatulong na maiwasan ang pagnanakaw ng enerhiya: http://bit.ly/JaJZRr.

Lumabas doon

Sumali sa Walk Bike Ride Challenge ngayong tag-init at maaari kayong manalo ng bisikleta mula sa Electric Bikes Northwest, isang pamamalagi sa Pan Pacific Hotel, o iba pang premyo. Gamitin ang online na kalendaryo ng biyahe, at kumuha ng mga tip upang matulungan kayong higit pang magbisikleta, maglakad at sumakay ng bus sa Hulyo at Agosto: www.seattle.gov/waytogo/.

I-ulat ang paggamit ng enerhiya

Ang Lungsod ng Seattle ay nag-aatas na ang karamihan ng mga may-ari ng komersyal at pangmaramihang pamilyang gusali o tagapamahala ng mga ito na subaybayan ang paggamit ng enerhiya sa kanilang mga gusali, at taun-taon ay iulat ang paggamit ng enerhiya. Dagdagan ang nalalaman hinggil sa mga deadlines, sino ang kasali sa ordinansa, paano sumunod, mga libreng workshop, at higit pa sa at www.seattle.gov/EnergyBenchmarking o tumawag sa 206.727.8484.

Impormasyong pakipagkaugnayan

Seattle City Light
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
www.seattle.gov/light

Mga tanong, kumentaryo o mungkahi? Tumawag sa 206.684.3000 o mag-email sa Tell Seattle City Light (online sa www.seattle.gov/light).
Editor: Connie McDougall, connie.mcdougall@seattle.gov